



ILALABAS KAAGAD: Nobyembre 18, 2019

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann - 415.749.4900

Pinalawak ng Air District ang gawad na programang *Clean Cars for All*

Maaaring karapat-dapat ang mga residente na may kwalipikadong kita sa hanggang \$9,500 para sa sasakyan para sa malinis na hangin

SAN FRANCISCO – Inihahayag ng Air District ng Bay Area ang pagpapalawak ng gawad na programang Clean Cars for All (Mga Malinis na Sasakyan Para sa Lahat), na nag-aalok ng mga insentibo na hanggang \$9,500 sa mga residente ng Bay Area na may kwalipikadong kita, para alisin ang mga mas lumang kotse at palitan ang mga ito ng hybrid, plug-in (sinasaksak) na hybrid o de-kuryenteng sasakyan, o kumuha ng may load nang Clipper Card para sa pampublikong transportasyon.

Dating limitado ang programa sa mga itinalagang komunidad pero ngayon makakasali na ang mga residenteng nakatira sa lahat ng lugar sa ilalim ng [hurisdiksyon ng siyam na county ng Air District](#). Mahigit 100 pamilya na ang nakinabang sa programa at mahigit \$1 milyon na sa pagpopondo ang naibigay mula noong paglulunsad nito noong Marso 2019.

“Ang pinalawak na programa na Clean Cars for All ay ginagawa ngayon isang abot-kayang opsyon ng mga sasakyan para sa malinis na hangin para sa marami sa buong Bay Area,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang pagbabago sa mga sasakyan para sa malinis na hangin sa ating mga kalsada ay nangangahulugan ng pinagandang kalidad ng hangin at pagbawas ng mga emisyon ng gas ng greenhouse para mas makahinga tayo nang mabuti.”

Inilunsad ng Air District ang Clean Cars for All bilang bahagi ng malawakang pagsisikap na tiyaking ang mga sasakyan para sa malinis na hangin ay mga abot-kayang opsyon sa mga residente sa buong Bay Area. Tinitiyak din ng pantay na access sa mga sasakyan para sa malinis na hangin na nakikinabang ang lahat ng residente ng Bay Area sa mas mababang gastos sa gasolina at pagpapanatili, pati na rin sa mas pinabuting karanasan sa pagmamaneho.

Ang maraming residente na nakatanggap ng buong gawad na \$9,500 ay nakabili ng nagamit nang de-kuryenteng sasakyan gamit lang ang gawad. Nakabatay ang halaga ng perang matatanggap mula sa programang Clean Cars for All sa dami ng tao sa sambahayan, kita, at piniling pamalit sa sasakyan. Bukod pa rito, makakakuha ng hanggang sa \$2,000 na pagpopondo para sa kagamitan para sa pag-charge ng baterya sa bahay at pag-install nito.

Dapat nakatira ang mga aplikante sa hurisdiksyon ng Air District at ang kita ng kanilang buong sambahayan ay dapat nasa tinukoy na limitasyon batay sa dami ng tao sa kanilang sambahayan. Bukod pa rito, ang itatapong sasakyan ay dapat hindi bababa sa labinlimang taon, gumagana pa, at may kasalukuyang rehistrong nakapangalan sa aplikante. Maaaring tingnan ng mga residente ng

Bay Area ang website ng programa o kumpletuhin ang isang aplikasyon para beripikahin ang kanilang kwalipikasyon para sa programa.

Para sa higit pang impormasyon o para mag-apply para sa *Clean Cars for All*, bisitahin ang www.baaqmd.gov/cleancarsforall.



Ang *Clean Cars for All* ay bahagi ng California Climate Investments (Mga Pamumuhunan ng California para sa Klima), isang programa sa buong estado na naglalaan ng bilyun-bilyong dolyar mula sa Cap-and-Trade (sistema ng pagpigil sa dami ng emisyon) upang bawasan ang mga emisyon ng mga gas na greenhouse, palakasin ang ekonomiya, at pagbutihin ang pampublikong kalusugan at ang kalikasan — lalo na sa mga komunidad na nasa masamang kondisyon.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area \(Bay Area Air Quality Management District, BAAQMD\)](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)